



**MGA IMPORMASYON PARA SA MGA
BIKTIMA NG**

KARAHASANG PANTAHANAN

BATAS NG ALASKA 18.65.520

AT

**MGA UTOS PROTEKSIYON
HATID SA INYO NG
PAMAHALAANG BAYAN**

**KAGAWARAN NG KALUSUGAN AT
PAGLILINGKOD/SERBISYONG PANGKATAUHAN
SANGAY NG PAGLILINGKOD PANGKATAUHAN
PROGRAMANG MAY MGA KAUGNAYAN SA
KALIGTASAN**

AT NG

ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT



EDISYON SA TAGALOG

SETYEMBRE 2009

TAWAGAN ANG SAFETY LINKS

(907) 343-6589

**PARA SA MGA TANONG O PUNA TUNGKOL SA
MUNTING AKLAT NA ITO.**

TAGALOG

**KABILANG SA MUNTING AKLAT
NA ITO AY MGA IMPORMASYON
TUNGKOL SA MGA BATAS SA
KARAHASANG PANTAHANAN SA
TAGALOG AT INGLES UPANG
TULUNGAN ANG MGA GAGAMIT
NA ANG UNANG WIKA AY HINDI
INGLÉS, SUBALIT MAY MGA
KAIBIGAN O KAPAMILYANG
NAKABABASA AT
NAKAPAGSASALITA NG KAPWA
WIKA.**

**TALAAN NG MGA NILALAMAN
(TABLE OF CONTENTS)**

IMPORMASYON PARA SA MGA BIKTIMA NG KARAHASANG PANTAHANAN	1
MGA UTOS NA NABIBIGAY PROTEKSIYON.....	5
MGA TANONG SA UTOS PROTEKSIYON	6
PEDERAL NA KARAHASANG PANTAHANAN MGA BATAS SA UTOS PROTEKSIYON	6
MGA ISYUNG PANDAYUHAN AT KARAHASANG PANTAHANAN.....	8
ENGLISH VERSION	10
INFORMATION FOR VICTIMS OF DOMESTIC VIOLENCE	13
VIOLENT CRIMES COMPENSATION BOARD.....	16
PROTECTIVE ORDERS	16
PROTECTIVE ORDER QUESTIONS.....	17
FEDERAL DOMESTIC VIOLENCE PROTECTIVE ORDER LAWS	17
IMMIGRANT ISSUES & DOMESTIC VIOLENCE...	19

IMPORMASYON PARA SA MGA BIKTIMA NG KARAHASANG PANTAHANAN

Bilang biktima ng karahasang pantahanan kung hindi kayo nakakaintindi ng Inglés, ipinag-uutos ng batas sa Alaska na ang pulis ay makagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang ipaalam sa inyo ang mga paglilingkod at mga karapatang tinutukoy sa AS 18.65.520 sa wikang inyong maiintindihan. Ang mga impormasyon tungkol sa mga karapatan ng biktima ng karahasang pantahanan ay maaaring mapakinggan sa mga wikang Samoan, Hmong, Tagalog, Korean, at Kastila sa pamamagitan ng pagtawag sa Linya ng **Wika/Language Line ng ADVPP na ang numero ay: 343-7184.**

BATAS NG ALASKA 18.65.520 Pagbibigay-alam sa mga biktima ng karahasang pantahanan. Ang pulis sa pangkapayapaan na sumisiyasat sa krimeng may kinalaman sa karahasang pantahanan ay magsasabi at isusulat ang mga karapatan ng mga biktima ng karahasang pantahanan gayon din ang mga paglilingkod na maibibigay sa kanila. Ipagbibigay alam ang mga sumusunod:

Kung kayo ay biktima ng karahasang pantahanan at naniniwala kayong kakailanganin ninyo ang pagpapatupad ng batas na nagbibigay proteksiyon sa inyong pangkatawang kaligtasan, kayo ay may karapatang humiling sa pulis na pagkalooban kayo ng tulong para sa inyong kaligtasan, kasama na rito ang paghingi ng pangmadaliang utos proteksiyon. Maaari rin ninyong hilingin sa pulis na tulungan kayong kunin ang inyong mga pansariling gamit, humanap at dalhin kayo sa isang ligtas na lugar, kasama na rito ang itinalagang lugar na tagpuan o mapagkakanlungan, tirahan ng kasambahay o / kaibigan, o isang katulad na lugar na may kaligtasan.

May mga kapisanan sa iba't-ibang lugar sa Alaska, na nagbibigay ng tulong sa biktima ng karahasang pantahanan at kanilang mapagkakanlungan. Ang pinakamalapit na kapisanan ay ang A.W.A.I.C. na matatagpuan sa 100 West 13th Avenue at ang numero ng telepono ay: **279-9581**. Ang linyang matatawagan sa loob ng 24 na oras sa panahon ng kagipitan ay **272-0100**. **Kung kakailanganin ninyo ang magpagamot, maaari kayong humiling ng tulong sa pulis upang kayo ay makapagpagamot. Maaari kayong makakuha ng impormasyon kung ang tagapag-usig na abogado ay magsasampa ng reklamong kriminal tungkol sa karahasang pantahanan. Bukod sa rito, ang programa ng pagtulong sa biktima/saksi ng kagawaran ng Batas [Department of Law] ay maaari ring makatulong sa inyo. Ang impormasyong ito ay makukuha sa opisina ng *district attorney* na matatagpuan sa 310 K Street Suite 520 telepono: 269-6300.**

May karapatan din kayong maglahad o magharap ng petisyon sa hukuman at humiling ng utos proteksiyon na naaayon sa alin man sa mga sumusunod na kondisyon: (1) pagbawalan ang nang-aabuso sa inyo na magbantang ipagpapatuloy ang pagiging marahas sa tahanan; (2) pagbawalan ang nang-aabuso sa inyo sa pagsusubaybay, panliligalig, pagtawag sa telepono, pakikipagkita/pakikipag-ugnay sa inyo sa anumang paraan deretsahan man o hindi; (3) paalisin ang nang-aabuso sa inyong tinitirahan; (4) utusan ang nang-aabuso sa inyo na lumayo sa inyong tinitirahan, paaralan, lugar ng pinagtatrabahuhan; o iba pang tiyak na lugar na madalas ninyong puntahan o ng iba pang hinirang na kasambahay; (5) pagbawalan ang nang-aabuso sa inyo na sumakay sa inyong sasakyan o sa inyong sinasakyan;

(6) pagbawalan ang nang-aabuso na gumamit o mag-angkin ng nakamamatay na sandata lalo na kung napatunayan ng hukuman na ang nang-aabuso sa inyo ay tunay na nagmamay-ari o gumamit ng nakamamatay na sandata sa panahong kayo ay inaabuso. (7) pag-utusan ang nang-aabuso sa inyo na isuko ang anumang baril na pag-aari niya lalo na kung napag-alaman ng hukuman na ang nang-aabuso ang tunay na nagmamayari o gumamit ng sandata sa panahong kayo ay inaabuso. (8) pakiusapan ang pulis na kayo ay samahan sa inyong tirahan upang matiyak ang inyong kaligtasan sa pag-aari ng inyong tirahan, sasakyan, o iba pang mga bagay, o kaya, ay tiyakin na kayo ay ligtas habang kinukuha ninyo ang iyong mga pansariling kagamitan mula sa inyong tirahan; (9) ibigay ang pansamantalang pangangalaga ng isang *menor de edad* na bata sa humihiling o nagpepetisyon at maaaring ayusin ang pagdalaw sa batang *menor de edad* kung ang kaligtasan ng kapwa bata at ng humihiling o nagpepetisyon ay mapangangalagaan; (10) ibigay sa inyo ang pag-aari at paggamit ng isang sasakyan at iba pang kinakailangan pansariling gamit; (11) pagbawalan ang nang-aabuso sa inyo sa paggamit ng droga; (12) utusan ang nang-aabuso na magbayad ng sustento sa inyo o sa isang batang *menor de edad* na nasa pagtatangkilik ninyo kung mayroong nagsasariling legal na obligasyon ang nang-aabuso sa inyo o sa bata. (13) utusan ang nang-aabuso sa inyo na ibalik ang halagang nagastos ninyo sanhi ng karahasang pantahanan, kabilang dito ang nagastos sa pagpapagamot, nagastos sa pagkuha ng utos proteksiyon. (14) utusan ang nang-aabuso sa inyo na sumali sa isang programang panghadlang sa pananakit ng nang-aabuso.

(15) iba pang kaginhawahan na ipapasiya ng hukuman na kakailanganin para sa inyong kaligtasan. Ang pormularyong kakailanganin upang matamo ang utos proteksiyon ay makukuha sa pinakamalapit na hukuman.

Hindi kailangang kumuha ng abogado upang makakuha ng utos proteksiyon, subalit maaari kayong sumangguni sa isang abogado kung inyong nanaisin. Kung gusto ninyo ng tulong upang makakuha ng utos proteksiyon, maaari kayong makipag-ugnay sa pinakamalapit na programa sa karahasang pantahanan sa Anchorage, AK na matatagpuan sa 100 W. 13th Ave. Ang programang A.W.A.I.C. ay maaaring magrekomenda ng iba pang mapagkukunan ng tulong sa komunidad tungkol sa karahasang pantahanan, paggamot sa mga kapinsalaan, at mga lugar na ligtas at mapagkakanlungan.

Tawagan ang A.W.A.I.C. sa 279-9581 ang linyang matatawagan sa loob ng 24 na oras sa panahon ng kagipitan/krisis

272-0100

Maaari rin kayong maging karapatdapat na tumanggap ng pera mula sa Violent Crimes Compensation Board, VCCB). Ang VCCB ay maaaring matawagan sa 1-800-764- 3040.

Kung ang biktima ng karahasang pantahanan ay hindi nakakaintindi ng Ingles, ang pulis ay dapat na gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na ipaalam sa biktima ang mga serbisyo at mga karapatang tinutukoy sa bahaging ito sa wikang naiintindihan ng biktima.

VIOLENT CRIMES COMPENSATION BOARD (VCCB)

TULONG SA PANANALAPI 1-800-764-3040
PO Box 111200, Juneau, AK/99811. Isang sangay/ahensiya ng Estado ng Alaska ay maaaring makatulong sa mga gastos na hindi inaasahan na resulta ng pagsalakay.

Maaaring tulungan ng VCCB ang karapatdapat na mga biktima sa kanilang mga gastos sa pagpapagamot, paghingi ng payo, suweldong nawala, at iba pang mga nawala. Upang makatanggap ng tulong sa pananalapi, may mga tiyak na bagay na dapat ninyong isagawa **Halimbawa:** Ipagbigay-alam ang pagsalakay o krimen sa taga-pagpasunod ng batas sa loob ng limang araw, o sa lalong madaling makatwirang panahon; at, magharap ng pormularyo [*application form*] sa VCCB sa loob ng dalawang taon mula sa petsa ng pagsalakay. Ang VCCB ay gagawa ng panghuling pasiya kung dapat o hindi dapat na bayaran ang mga nagastos batay sa pagiging karapat-dapat na itinakda ng batas ng Estado. Maaari kayong kumuha ng pormularyong VCCB sa Anchorage Police Department, State Troopers Office, District Attorney's Office, mga hospital na lokal, STAR at Victims for Justice,. Makukuha rin ninyo ito sa internet: www..state.ak.us/admin/vccb

MGA UTOS NA NABIBIGAY PROTEKSIYON

Ang mga utos na nagbibigay proteksiyon ay makukuha para sa **pagsusubaybay, pang-gagahasa, at karahasang pantahanan;** ang mga ito ay makapagbabawal sa isang tao na magbanta o gumawa ng hindi karapat-dapat na kilos. Kapag humihiling ng mga utos proteksiyon ilarawan/ipaliwanag kung ano ang nangyayari. Ang mahistrado o huwes ay magpapasiya kung dapat magbigay ng utos proteksiyon

Kung hindi kayo nakakaintindi ng Ingles, ang mga impormasyon/kaalaman tungkol sa mga utos proteksiyon ay nakasalin sa wikang Kastila, Samoan, Tagalog, Korean, at Hmong na makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa **ADVPP II Language Line. 343-7184.**

MGA UTOS NA NAGBIBIGAY NG PROTEKSIYON KARUGTONG

Walang bayad ang maglahad ng petisyon para sa isang utos proteksiyon. Ang mga kahilingan ay maaaring ipadala sa hukuman upang manatiling kumpidensiyal ang mga impormasyon sa tirahan o telepono. Ang mga utos proteksiyon ay makukuha sa Alaska Court web site sa : <http://state.ak.us/courts> o sa Boney Court House sa 303 K. Street. Domestic Violence Office , L-B, 8:00 n.u. – 9:00 n.g., Sabado at Linggo - tanghali - 9:00 n.g., tawagan ang: 264-0616. Pagkatapos ng oras sa opisina tawagan ang APD *Dispatch* 786-8900 at sabihin sa pulis na maglahad/magharap ng madaliang pangkagipitan, 72-oras na utos proteksiyon.

MGA TANONG SA UTOS PROTEKSIYON

Para sa mga katanungan tungkol sa pangkasalukuyang kautusang nagbibigay ng proteksiyon, tawagan ang **ALASKACOURT SYSTEM** sa **264-0616**. Kung tatawag kayo pagkaraan ng regular na oras ng opisina(tingnan sa ibaba), mag-iwan ng mensahe.

ALASKA COURT SYSTEM DOMESTIC VIOLENT OFFICE 303 K St/99501 (L - B 8:00 nu – 9:00 ng, Sabado at Linggo - tanghali - 8 ng) Sa ibang oras tawagan ang APD sa 786-8900 para sa pangkagipitan, 72-oras na utos.

PEDERAL NA KARAHASANG PANTAHANAN MGA BATAS SA UTOS PROTEKSIYON

Kararating lang ba ninyo sa Alaska? Pinahihintulutan ng batas Pederal na ipatupad ang isang makatwirang utos proteksiyon saan mang estado ka naninirahan o magpunta. Maaaring ipatupad ito ng hukumang lokal na tulad din ng kautusang lokal. Ito ay tinatawag na *Full faith and credit to Orders of Protection* (18 U.S.C. & sect; 2265). Ang batas ay para sa **permanente** (6 na buwan o 1 taon), **pansamantala** (72-oras) at **ex-parte** (20 araw) sa mga utos proteksiyon. Ang utos ay dapat na naibigay nang naaayon sa batas sa nang-aabuso/sumusubaybay.

**PEDERAL NA KARAHASANG PANTAHANAN
MGA BATAS SA UTOS PROTEKSIYON
KARUGTONG**

Hindi kikilalanin ng batas ang utos proteksiyon ng magkabilang panig na laban sa isa't isa nang magkasabay. Kung ang isa sa kanila ay may utos proteksiyon, kailangang ilahad ito sa hukuman ng Alaska. Ang nang-aabuso/sumusubaybay ay hindi dapat na maglahad ng isang magkatulad na petisyon o kung sakali man at may inilahad na magkatulad na petisyon, ang hukuman ay nagpapasiyang ang kapwa magkabilang panig ay walang karapatan sa utos.

Ilegal din para sa isang taong mayroong mabisang utos proteksiyon laban sa kanya ang pumunta o umalis sa ibang Estado o sa bayan ng mga Indiyana na may layuning labagin ang mga utos proteksiyon. Kakailanganin ng batas ang *hangaring lumabag sa utos proteksiyon sa oras ng paglalakbay sa labas ng estado at ang paglabag ay nagawa o nangyari*. (Paglalakbay sa labas ng Estado Upang Lumabag sa utos proteksiyon/, 18 U.S.C. & sect; 2262(a) (1)). Upang maisakatuparan sa Alaska ang kautusan, kakailanganin ninyong magbigay ng dalawang kopyang may pagtitibay sa utos proteksiyon sa Alaska Domestic Violence Office sa 303 K Street. Ang tawag dito ay "karahasang pantahanang pandayuhang paglalahad [*domestic violence foreign filing*] o 'pagsubaybay na pandayuhang paglalahad' [*stacking foreign filing*]. Nagbibigay ito sa Alaska ng kapangyarihang magpasiyang magbigay ng utos kung ang nang-aabuso/sumusubaybay sa inyo ay lumalabag sa utos pambayan/panlokal. Walang bayad ang maglahad. Tanungin ang "Domestic Violence Office" at humingi ng kopya ng sariling bersiyon ng Alaska tungkol sa utos na nagbibigay ng proteksiyon. Ang klerk ay magpapadala ng kopya ng nakalahad na utos sa tagapagpasunod ng batas sa Alaska. Ito ay ipapasok sa kanilang rekord o sistema.

Hindi ibibigay ng hukom o ng pulis sa nang-aabuso/sumusubaybay sa inyo ang kopya ng utos proteksiyon o pabatid na inyong inilahad o iniharap sa hukuman ng Alaska. **Dalhin ninyo sa lahat ng oras ang isang kopya ng kautusan.**

PARA SA KARAGDAGANG MGA IMPORMASYON MAKIPAG-UGNAY SA:

ALASKA COURT DOMESTIC VIOLENCE OFFICE

264-0616

FAMILY LAW SELF HELP CENTER

264-0851

WALANG BAYAD NA PAGTAWAG SA LOOB LAMANG NG ESTADO

1-800-279-0851

ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT

786-8900

MGA ISYUNG PANDAYUHAN AT KARAHASANG PANTAHANAN

Hindi ipaaalam sa Department of Homeland Security na kayo ay humihingi ng proteksiyon sa pulis, pangangalagang medikal, o tulong sa paglilingkod panlipunan nang dahil sa karahasang pantahanan. Walang kinalaman ang inyong katayuang pandayuhan sa inyong kaligtasan at proteksiyon.

Kung iiwanan ninyo ang isang kalagayang mapagmalabis at nais ninyong manirahan o maging pirmihang residente, ang Batas sa karahasan Laban sa Kababaihan (*Violence Against Women Act*) ay lumikha ng dalawang paraan para sa mga babaeng nakapag-asawa ng isang mamamayan ng Estados Unidos [*US citizen*] o legal na permanenteng residente upang makakuha ng permanenteng residensiya. 1) **Sariling-pagpetisyon.** Maaari kayong mag-aplay na maging permanenteng residente sa *Immigration Naturalization Services* (INS) para sa inyong sarili at mga anak ninyo. Hindi na dapat pang ipaalam ito sa inyong asawa. 2) **Pagpapawalang-bisa sa pag-papaalis.** Maaaring iurong ng hukumman ang deportasyon at ipagkaloob ang paninirahan o pagiging residente.

Kayo ay dapat na nasa hakbang ng deportasyon bago kayo mag-aplay, makipagkita sa isang abogado pang- inmigrasyon, bago simulan ang prosesong ito. Komunsulta sa isang nagtatrabaho sa *shelter*, abogado pang-inmigrasyon, o kaya ahensiya sa karahasang pantahanan o ahensiya ng inmigrasyon, para humingi ng tulong bago magtungo sa *INS. Family Violence Prevention Fund Website 2008.*

Para sa mga impormasyong lokal tawagan ang:

REFUGEE ASSISTANCE & IMMIGRATION SERVICES
CATHOLIC SOCIAL SERVICES **276-5590**
ALASKA IMMIGRATION JUSTICE PROJECT (AIJP)
270-2457

431 W 7th Ave., Ste. 208. Ang AIJP ay isang ahensiyang walang-tubo na nagbibigay ng mga serbisyo/paglilingkod na legal sa mababang-halaga sa mga imigrant sa lahat ng mga aplikasyong may kinalaman sa *inmigrasyon*, kasama rito ang aplikasyon para sa pagiging mamamayan, permanenteng paninirahan, pahintulot na makapagtrabaho, mga petisyon sa pamilya, at petisyon para sa mga biktima ng karahasang pantahanan. .

PARA SA IBA PANG MGA IMPORMASYON SA KARAHASANG PANTAHANAN AT MGA ISYUNG PANG- INMIGRASYON PUMUNTA SA:

FAMILY VIOLENCE PREVENTION FUND WEBSITE

<http://www.endabuse.org/programs>

**ENGLISH
VERSION**

**INFORMATION FOR VICTIMS
OF DOMESTIC VIOLENCE**

**ALASKA STATUTE
18.65.520**

AND

PROTECTIVE ORDERS

**BROUGHT TO YOU BY THE
MUNICIPAL
DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
HUMAN SERVICES DIVISION
SAFETY LINKS PROGRAM
AND THE
ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT**

**SEPTEMBER 2009
CALL SAFETY LINKS AT
(907) 343-6589
FOR QUESTIONS OR COMMENTS RELATED
TO THIS BOOKLET.**

**THIS BOOKLET INCLUDES
STATUTORY DOMESTIC VIOLENCE
INFORMATION IN TAGALOG AND
ENGLISH TO ASSIST USERS
WHOSE FIRST LANGUAGE IS NOT
ENGLISH, BUT WHO HAVE
FRIENDS OR FAMILY WHO READ
AND SPEAK BOTH LANGUAGES.**

INFORMATION FOR VICTIMS OF DOMESTIC VIOLENCE

As a victim of domestic violence if you do not understand English, Alaska law requires the police officer to make reasonable efforts to inform you of the services and rights specified in AS 18.65.520 in a language you understand. Domestic violence victim rights information is available orally in Samoan, Hmong, Tagalog, Korean, and Spanish by calling the **ADVPP II Language Line** at the following numbers:

SPANISH	343-7181
SAMOAN	343-7182
HMONG	343-7183
TAGALOG	343-7184
KOREAN	343-7185

ALASKA STATUTE 18.65.520 Notification to Victims of Domestic Violence- A peace officer investigating a crime involving domestic violence shall orally and in writing inform the victim of the rights of victims of domestic violence and the services available to them. The notification is as follows:

If you are the victim of domestic violence and you believe that law enforcement protection is needed for your physical safety, you have the right to request that the officer assist in providing for your safety, including asking for an emergency protective order. You may also request the officer to assist you in obtaining your essential personal belongings and locating and taking you to a safe place, including a designated meeting place or shelter, the residence of a household member or friend, or a similar place of safety.

In some places in Alaska, there are organizations that provide aid and shelter to victims of domestic violence. The nearest organization is A.W.A.I.C. located at 100 West 13th Avenue phone **279-958**. The 24-hour crisis line is **272-0100**.

If you are in need of medical treatment you may request the officer assist you in obtaining medical treatment you may obtain information about whether the prosecuting attorney will file a criminal complaint about the domestic violence. Additionally, the victim/witness assistance pro-gram of the Department of Law may be able to help you. This information is available from the district attorney's office, which is located at 310 K Street Suite 520 phone 269-6300.

You also have the right to file a petition in court requesting a protective order that may include any of the following provisions: (1) prohibit your abuser from threatening to commit or committing further acts of domestic violence; (2) prohibit your abuser from stalking, harassing, telephoning, contacting, or otherwise communicating with you, directly or indirectly; (3) remove your abuser from your residence; (4) order your abuser to stay away from your residence, school, place of employment; or any other specified place frequented by you or another designated household member; (5) prohibit your abuser from entering your vehicle or a vehicle you occupy; (6) prohibit your abuser from using or possessing a deadly weapon if the court finds your abuser was in the actual possession of or used a weapon during the commission of your abuse; (7) direct your abuser to surrender any firearm owned or possessed by that person if the court finds your abuser was in the actual possession of or used a fire-arm during the commission of your abuse; (8) request a peace officer to accompany you to your residence to ensure your safe possession of the residence, vehicle, or other items, or to ensure your safe removal of personal items from the residence;

(9) award temporary custody of a minor child to the petitioner and may arrange for visitation with a minor child if the safety of the child and the petitioner can be protected; (10) grant you possession and use of a vehicle and other essential personal effects; (11) prohibit your abuser from consuming controlled substances; (12) require your abuser to pay support for you or a minor child in your care if there is an independent legal obligation of your abuser to support you or the child; (13) require your abuser to reimburse you for your expenses caused by domestic violence, including medical bills, or for your costs in getting a protective order; (14) order your abuser to participate in an intervention program for batterers; and (15) other relief the court determines to be necessary for your safety. The forms you need to obtain a protective order are available from the nearest court.

It is not necessary to have an attorney to obtain a protective order, but you may consult an attorney if you choose. If you would like help obtaining a protective order, you may contact the nearest domestic violence program located in Anchorage, AK at 100 W. 13th Ave. The A.W.A.I.C. program can also recommend other resources available in this community about domestic violence, treatment of injuries, and places of safety and shelter.

Call A.W.A.I.C. at 279-9581
24 Hour Crisis Line 272-0100

You may also qualify for compensation from the Violent Crimes Compensation Board (VCCB). The VCCB may be contacted at

1-800-764- 3040

If the victim of domestic violence does not understand English, the police officer shall make reasonable efforts to inform the victim of the services and rights specified in this section in a language the victim understands.

VIOLENT CRIMES COMPENSATION BOARD (VCCB)

FINANCIAL ASSISTANCE 1-800-764-3040

PO Box 111200, Juneau, AK/99811. An agency of the State of Alaska may be able to help with unexpected costs that are a direct result of the assault. The VCCB can help eligible victims with medical, counseling costs, lost wages and other losses. To receive financial assistance, there are certain things you must do. **For example:** Report the assault or crime to law enforcement within five days, or as soon as it would be reasonable; and, file an application form with the VCCB within two years from the date of the assault. The VCCB will make the final decision on whether or not to pay for expenses/costs based on eligibility requirements under State law. You can get a VCCB Application form at the Anchorage Police Department, State Troopers Office, District Attorney's Office, local hospitals, STAR and Victims For Justice. Also, available on line at: www.state.ak.us/admin/vccb

PROTECTIVE ORDERS

Protective orders are available for **stalking, sexual assault, and domestic violence**; they can prohibit a person from threatening or committing certain actions.

If you do not understand English protective order information is available in Spanish, Samoan, Hmong Korean and Tagalog by calling the **ADVPPII** Language Line at the following numbers:

SPANISH	343-7181
SAMOAN	343-7182
HMONG	343-7183
TAGALOG	343-7184
KOREAN	343-7185

When requesting a protective order describe what is occurring. A magistrate or judge will determine whether or not to issue a protective order based on information provided.

PROTECTIVE ORDERS CONT.

There is no charge to file a petition for a protective order. Requests may be submitted to the court to keep home or telephone information confidential. Protective orders are available on the Alaska Court web site: <http://state.ak.us/courts> or at the Boney Court House at 303 K. Street. Domestic Violence Office, M-F, 8:00 am – 9:00 pm, Weekends noon - 9:00 pm, call 264-0616. After hours call APD Dispatch 786-8900 and ask an officer to file an emergency 72-hour protective order.

PROTECTIVE ORDER QUESTIONS

For questions on current protective orders, call the **ALASKA COURT SYSTEM** at **264-0616**. If you call after normal business hours (see below), leave a message.

**ALASKA COURT SYSTEM DOMESTIC VIOLENCE OFFICE
303 K St/99501 (M - F 8 am - 9 pm, Sat and Sun noon - 8 pm) Other times contact APD at 786-8900 for emergency, 72-hour order.**

FEDERAL DOMESTIC VIOLENCE PROTECTIVE ORDER LAWS

Just arriving in Alaska? Federal law allows for the enforcement of a valid protective order in any state you live or travel in. The local court can enforce the order as if it were issued locally. It is called the Full Faith and Credit to Orders of Protection (18 U.S.C. & sect; 2265). The law applies to **permanent** (6 month or 1 year), **temporary** (72-hour) and **ex-parte** (20 day) protection orders. The order must have been legally served upon the abuser/stalker. The law does not apply to mutual protection orders. The abuser/stalker must not have filed a cross-petition or if the cross-petition was filed the court must have determined that both parties were not entitled to the order.

**FEDERAL DOMESTIC VIOLENCE
PROTECTIVE ORDER LAWS
CONT.**

It is also illegal for a person with a valid protective order against him or her to travel into and out of another State or Indian country with the intent to violate a protection order. The law requires the *intent to violate* the protection order *at the time of interstate travel and a violation must have occurred*. (Interstate Travel to Violate an Order of Protection, 18 U.S.C. & sect; 2262(a) (1)).

For Alaska to enforce the order, you will need to provide two certified copies of the protective order to the Alaska Domestic Violence Office at 303 K Street. This is called a 'domestic violence foreign filing' or 'stalking foreign filing' and gives Alaska jurisdiction to serve the order if your abuser/stalker violates the order locally. There is no filing fee. Ask the Domestic Violence Office for a copy of the Alaska version of the protective order. The clerk will send a copy of the filed order to Alaska law enforcement. It will be entered into their system. The court or the police will **not** give the abuser/stalker a copy of the protective order or notice that you have filed the order with the Alaska court. **Keep a copy of the order with you at all times.**

FOR MORE INFORMATION CONTACT:

ALASKA COURT DOMESTIC VIOLENCE OFFICE

	264-0616
FAMILY LAW SELF-HELP CENTER	264-0851
TOLL FREE IN STATE ONLY	1-800-279-0851
ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT	786-8900

IMMIGRANT ISSUES AND DOMESTIC VIOLENCE

The Department of Homeland Security will not be contacted if you seek police protection, medical care, or social service assistance in response to domestic violence. Your immigration status is irrelevant to your safety and protection.

If you are leaving an abusive situation and wish to seek residency, the Violence Against Women Act creates two ways for women who are married to U.S. citizens or lawful permanent residents to get their residency. 1) **Self-petitioning.** You can apply for residency with Immigration Naturalization Services (INS) for yourself and your children. Your husband does not have to know. 2) **Cancellation of removal.** The court *may* waive deportation and grant residency. You must be in deportation proceedings before applying, see an immigration attorney before starting this process. Consult a shelter worker, immigration attorney, or a domestic violence or immigration agency for assistance, before going to INS. *Family Violence Prevention Fund Website 2008.*

For local information call:

REFUGEE ASSISTANCE & IMMIGRATION SERVICES

CATHOLIC SOCIAL SERVICES **276-5590**

ALASKA IMMIGRATION JUSTICE PROJECT (AIJP)

270-2457

431 W 7th Ave., Ste. 208. AIJP is a non-profit agency that provides low-cost immigration legal services to immigrants in all immigration applications, including citizenship applications, permanent resident status, work permits, family petitions, and petitions for domestic violence victims.

FOR MORE INFORMATION ON DOMESTIC VIOLENCE AND IMMIGRATION ISSUES GO TO:

FAMILY VIOLENCE PREVENTION FUND WEBSITE

<http://www.endabuse.org/programs>

ADVPP II

ANCHORAGE DOMESTIC VIOLENCE PREVENTION PROJECT II ASSISTS DOMESTIC VIOLENCE VICTIMS AND HOLDS OFFENDERS ACCOUNTABLE IN PARTNERSHIP WITH LOCAL LAW ENFORCEMENT AND VICTIM SERVICE PROVIDERS. ADVPP II IS A PARTNERSHIP BETWEEN THE ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT, A.W.A.I.C. THE MUNICIPAL DEPARTMENT OF LAW AND THE MUNICIPAL SAFETY LINKS PROGRAM .

**IF YOU ARE A VICTIM OF DOMESTIC VIOLENCE
AND NEED INFORMATION OR FINANCIAL
ASSISTANCE
CALL 743-5708**

ABUSED WOMEN'S AID IN CRISIS (AWAIC)

**BUSINESS LINE 279-9581
24 HOUR CRISIS LINE 272-0100
100 W. 13TH AVE. SAFE SHELTER FOR WOMEN
AND CHILDREN IMPACTED BY DOMESTIC
VIOLENCE. OFFERS FOOD AND CLOTHING,
FINANCIAL ASSISTANCE, COUNSELING,
ADVOCACY AND COMMUNITY EDUCATION.**

**IF YOU ARE IN IMMEDIATE DANGER
CALL 911!
OR
THE ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT
786-8500**

**TRANSLATIONS MADE POSSIBLE BY FUNDING FROM
THE UNITED STATES DEPARTMENT OF JUSTICE
OFFICE OF VIOLENCE AGAINST WOMEN
GRANT # 2005-WF-AX-0103**

**TAGALOG TRANSLATION
AND
REVIEW
COMPLETED UNDER CONTRACT BY
AURORA HOVLAND (T) & NANCY GARCIA_(R)**

**SETYEMBRE 2009
TAGALOG EDITION**

**© COPYRIGHT PENDING
NO PART OF THIS BOOKLET MAY BE COPIED
WITHOUT WRITTEN PERMISSION OF THE
MUNICIPALITY OF ANCHORAGE
DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
SAFETY LINKS PROGRAM
PO Box 196650
ANCHORAGE, ALASKA 99519-6650
(907) 343-6589 OR (907) 343-4876**

CASE NUMBER: _____

OFFICER'S NAME _____

NEXT COURT APPEARANCE: _____ / _____ / _____

TIME: _____ NESBETT / ANCHORAGE JAIL

ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT 786-8500

ALASKA STATE TROOPERS 352-5401

DV PETITION FORMS 264-0615

APD DV INVESTIGATIVE OFFICER 343-4199

ADVPP II

ANG ANCHORAGE DOMESTIC VIOLENCE PREVENTION PROJECT II AY TUMUTULONG SA MGA BIKTIMA NG KARAHASANG PANTAHANAN AT NAGBIBIGAY SA MGA MAY SALA NG PANANAGUTAN KASAMA NG LOCAL LAW ENFORCEMENT AT MGA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO/PAGLILINGKOD SA MGA BIKTIMA. ANG ADVPP II AY ANG PAGSASAMA-SAMA NG ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT, A.W.A.I.C. THE MUNICIPAL DEPARTMENT OF LAW AT NG MUNICIPAL SAFETY LINKS PROGRAM .

KUNG KAYO AY BIKTIMA NG KARAHASANG PANTAHANAN AT NANGANGAILANGAN NG IMPORMASYON O TULONG SA PANANALAPI TAWAGAN ANG 743-5708

ABUSED WOMEN'S AID IN CRISIS (AWAIC)

**BUSINESS LINE 279-9581
24 HOUR CRISIS LINE 272-0100
100 W. 13TH AVE SAFE SHELTER FOR WOMEN AND CHILDREN IMPACTED BY DOMESTIC VIOLENCE. NAGBIBIGAY NG PAGKAIN AT MGA DAMIT, TULONG SA PANANALAPI, PAGPAPAYO, PAGTATAGUYOD AT EDUKASYONG PANGKOMUNIDAD.**

KUNG KAYO AY NASA KAGYAT/MALAPIT SA PANGANIB TUMAWAG SA 911!

O

ANG ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT 786-8500

**ANG MGA PAGSASALIN SA IBANG WIKA AY NAGAWA SA
PAGTUTUSTOS NG
UNITED STATES DEPARTMENT OF JUSTICE
OFFICE OF VIOLENCE AGAINST WOMEN
GRANT # 2005-WF-AX-0103**

**PAGSASALIN SA TAGALOG
AT
MULING PAGSUSURI
TINAPOS SA ILALIM NG KONTRATA
AURORA HOVLAND (T) &
NANCY GARCIA (R)**

**SEPTYEMBRE 2009
EDISYON SA TAGALOG**

**©KARAPATAN SA PAGPAPALATHALA AY NAKABINBIN
WALANG BAHAGI NG MUNTING AKALAT NA ITO AY
MAAARING KOPYAHIN NANG WALANG NAKASULAT NA
PAHINTULOT MULA SA
PAMAHALAANG BAYAN NG ANCHORAGE**

**DEPARTAMENTO/KAGAWARAN NG PANGKALUSUGAN AT
PANGKATAUHANG PAGLILINGKOD
PROGRAMA NG SAFETY LINKS
PO Box 196650
ANCHORAGE, ALASKA 99519-6650
(907) 343-6589 OR (907) 343-4876**

CASE NUMBER: _____

OFFICER'S NAME _____

NEXT COURT APPEARANCE: _____ / _____ / _____

TIME: _____ NESBETT / ANCHORAGE JAIL

ANCHORAGE POLICE DEPARTMENT 786-8500

ALASKA STATE TROOPERS 352-5400

DV PETITION FORMS 264-0615

APD DV INVESTIGATIVE OFFICER 343-4199